



NEW JERSEY STATE POLICE

Dokumento ng Impormasyon Tungkol sa Reklamo ng Sibilyan

Ang mga miyembro ng New Jersey State Police (Pulisya ng Estado ng New Jersey) ay nakatuon para magkaloob ng mga serbisyo sa pagpapatupad ng batas na patas, mabisa, at walang pinapanigan. Makakabuti sa lahat na ang iyong reklamo tungkol sa pagganap ng isang indibidwal na opisyal ng pulisya ng estado (trooper) ay malutas nang patas at mabilis. Ang New Jersey State Police ay may mga pormal na pamamaraan para sa pag-imbetiga sa iyong reklamo. Ang mga pamamaraang ito ay idinisenyo upang matiyak ang pagiging patas at protektahan ang mga karapatan ng mga mamamayan at mga opisyal na nagpapatupad ng batas:

1. Ang mga Ulat o Reklamo tungkol sa maling pagkilos ng opisyal ng pulisya ng estado/empleyado ay dapat tanggapin mula sa sinumang tao, kabilang ang mga hindi kilalang pinanggalingan, sa anumang oras.
2. Ang mga reklamo ay dapat tanggapin anuman ang edad, lahi, etnisidad, relihiyon, kasarian, oryentasyong sekswal, kapansanan o katayuang pang-imigrasyon ng nagrereklamong partido.
3. Ang iyong reklamo ay ipadadala sa isang nakatataas na opisyal o isang espesyal na sinanay na opisyal sa mga ugnayang panloob na magsasagawa ng isang masusing obhetibong imbestigasyon.
4. Maaaring hilingin sa iyo na tumulong sa imbestigasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng isang detalyadong pahayag tungkol sa nangyari o pagkakaloob ng ibang mahahalagang impormasyon o dokumento.
5. Lahat ng reklamo laban sa mga opisyal sa pagpapatupad ng batas ay masusing iniimbestigahan. Patuloy kang bibigyan ng impormasyon tungkol sa katayuan ng imbestigasyon at sa pinal na resulta, kung hiniling, at kung nagbigay ka ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Ang eksaktong disiplina na ipinapataw ay kompidensiyal, pero sasabihan ka ng huling pasiya, na tulad ng mga sumusunod:
 - a. Sapat ang Katibayan (Ipinagtibay): Ang nangingibabaw na ebidensiya ay nagpapakitang lumabag ang opsiyal sa anumang batas; regulasyon; direktiba, gabay, patakaran, o pamamaraan na inisyu ng Pangkalahatang Abugado o Tagausig ng County; protokol ng ahensiya; kasalukuyang pamamaraan ng pagpapatakbo; tuntunin; o pagsasanay.
 - b. Walang Batayan: Ang nangingibabaw na ebidensiya ay nagpapakitang hindi nangyari ang ibinibintang na maling pagkilos.
 - c. Napawalang-sala: Ang nangingibabaw na ebidensiya ay nagpapakita na tunay na nangyari ang ibinibintang na pagkilos, pero hindi ito lumabag sa isang batas; regulasyon; direktiba, gabay, patakaran, o pamamaraan na inisyu ng Pangkalahatang Abugado o Tagausig ng County; protokol ng ahensiya; kasalukuyang pamamaraan ng pagpapatakbo; tuntunin; o pagsasanay.
 - d. Hindi Sapat ang Katibayan (Hindi Ipinagtibay): Ang imbestigasyon ay nabigong maghayag ng sapat na ebidensiya upang malinaw na patunayan o hindi patunayan ang bintang.
6. Kung ipinapakita ng aming imbestigasyon na maaaring may ginawang krimen, aabisuhan ang Office of Public Integrity and Accountability (OPIA, Tanggapan ng Pamublikong Integridad at Pananagutan). Maaaring hilingin sa iyo na tumestigo sa korte.
7. Kung ang aming imbestigasyon ay nagresulta sa pagsasakdal sa isang opisyal ng pulisya ng estado dahil sa paglabag sa mga tuntunin ng kagawaran, maaaring hilingin sa iyo na tumestigo sa isang pagdinig na pangkagawaran.
8. Kung ipinapakita ng aming imbestigasyon na walang batayan ang reklamo o na umakto nang wasto ang opsiyal ng pulisya ng estado, isasara ang isyu.
9. Kompidensiyal ang mga imbestigasyon ng mga ugnayang panloob at isasara sa publiko ang lahat ng pandisiplinang pagdinig maliban kung humiling ng isang bukas na pandinig ang nasasakdal na opisyal.
10. Maaari mong tawagan ang Intake Unit (Yunit sa Pagtanggap) ng New Jersey State Police sa 1-877-253-4125 para sa anumang karagdagang impormasyon o anumang tanong tungkol sa kaso.

Available ang form na ito sa mga sumusunod na wika; Arabic, Chinese, Ingles, Haitian, Hindi, Korean, Polish, Portuguese, Spanish, Tagalog, at Vietnamese.